Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Baco

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

April 19, 2023

DENR MIMAROPA
RECORDS SECTION
RECEIVED
APR 19 2023
☐ INCOMING ☐ OUTGOING ______
BY: ______ DATS NO. ______
TIME:

**DENR – LAND MANAGEMENT BUREAU**
6/F Unit E, DENR By the Bay Building; 1515,
Roxas Blvd, Ermita, Manila, Metro Manila

Dear Sir/Ma'am:

Good Day!

This letter is to endorse the Resolution of the following barangays requesting copy of Approved Cadastral Plan in order to settle barangay dispute now a common problem in the barangays of Baco, Oriental Mindoro.

1. Bayanan
2. Mangangan I
3. Mayabig
4. Lantuyang

This is to further inform your good office that the undersigned/bearer was authorized by the concerned Barangay Officials through a Resolution to get copy of their Cadastral Plan.

Hoping that the request of the mentioned barangays will be given utmost consideration.

Very truly yours,

**REYNALDO A. MARCO**
Vice-Mayor
Baco, Oriental Mindoro

09199912924
~~LGU~~ · lgubaco@gmail.com
lgubaco@gmail.com

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Oriental Mindoro
Bayan ng Baco
Barangay BAYANAN

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BARANGAY

HANGO SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BARANGAY NG BAYANAN BACO SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA- 20 NG MARSO 2023, SA SILID PULUGAN GANAP NA IKA- 9;15 NG UMAGA.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NINARDO C. BARSUGON JR. | PUNONG BARANGAY |
| KGG. NITOY A. REMNAYON | KAGAWAD |
| KGG, LINA H. ABOG | KAGAWAD |
| KGG. JOSE C. ANDINO | KAGAWAD |
| KGG. BADO J. PALID | KAGAWAD |
| KGG. DANIEL C. BARSUGON | KAGAWAD |
| KGG. KEM-GIL E. MIRAPLES | KAGAWAD |
| KGG. ALDREN B. MALIGAYA | KAGAWAD |
| KGG. GERALD D. SARMIENTO | SK CHAIRMAN |

Received by Cecilia B. Galvez 04-04-23

DI DUMALO;

WALA

RESOLUSYON BLG. 12 - 2023

ISANG KAPASYAHAN NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA KA-GALANG GALANG NA VICE MAYOR HON. REYNALDO A. MARCO NA MAKAKUHA NG KOPYA LUMA AT APROVED NA BAGONG SUKAT NG CADASTRAL PLAN NOONG TAONG 2014 SA TANGGAPAN NG CADASTRAL.

SAPAGKA"T, ang Sangguniang Barangay ay walang kakayahan na makarating sa Tanggapan ng CADASTRAL dahil sa kakulangan sa Financial at kaalaman sa mga Tanggapan na dapat naming puntahan.

SAPAGKA"T, ang kailangan ng Barangay Bayanan ang Luma at approved na bagong sukat ng CADASTRAL PLAN noong taong 2014 para malaman ang mga hangganan ng Barangay Bayanan.

SAPAGKA"T, ang Barangay Bayanan sa ngayon ay may mga Problema sa sa Boundery sa mga karatig na Barangay at makakatulong ng malaki ang Luma at Aproved na bagong sukat ng CADASTRAL PLAN.

KUNG KAYA'T, sa mungkahi ni Kagawad Jose C. Andino na pahintulutan pahintulutan si Kagalang galang na Vice Mayor REYNALDO A. MARCO na makakuha ng Luma at Aproved na bagong sukat ng CADASTRAL . na pinangalawahan ni Kagawad Nitoy A. Remnayon na sinang ayunan ng lahat ng dumalo sa pagpupulong.

GANAP NA PINAGTIBAY;

| | | | |
|---|---|---|---|
| NITOY A. REMNAYON<br>Kagawad | LINA H. ABOG<br>Kagawad | JOSE C. ANDINO<br>Kagawad | BADO J. PALID<br>Kagawad |
| DANIEL C. BARSUGON<br>Kagawad | KEM-GIL MIRAPLES<br>Kagawad | ALDREN MALIGAYA<br>Kagawad | GERALD SARMIENTO<br>SK Chairman |

Pinatutunayan ko ang kawastuan ng Resolusyong ito.

LAURO C. REMNAYON
Kalihim

Patotoo;

NINARDO C. BARSUGON JR.
Punong Barangay

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Oriental Mindoro
Bayan ng Baco
**BARANGAY MANGANGAN I**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BARANGAY

KATITIKAN NG ESPESYAL NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BARANGAY NG MANGANGAN 1 BACO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NGAYONG IKA –1 NG ABRIL TAONG 2023 SA BAHAY PULUNGAN NG MANGANGAN I BACO, ORIENTAL MINDORO.

**MGA DUMALO:**

- KGG. EFREN A. TORRELIZA, JR. — PUNONG BARANGAY
- KGG. CORNELIO T. ACEVEDA — KAGAWAD
- KGG. REYNULFO A. ADEVA — KAGAWAD
- KGG. NILO L. MANLAPAS — KAGAWAD
- KGG. RODEL F. VALENZUELA — KAGAWAD
- KGG. EDWIN D. VALENZUELA — KAGAWAD
- KGG. ZALDYSON M. ACEVEDA — KAGAWAD
- KGG. EMMA R. VALENZUELA — KAGAWAD
- KGG. MA. ARVEL JOY P. YASA — SK CHAIRPERSON

**DI- DUMALO :** **W A L A**

**IBA PANG DUMALO:**

- Bb. BRENDA T. PASOL — KALIHIM
- GNG. ANNIE P. RAMOS — INGAT-YAMAN

... OFFICE
MUNICIPALITY OF BACO, OR. MINDORO
RECEIVED
BY: Cenelia B. [illegible]
DATE: 04-03-23 TIME: 12:45

## KAPASYAHAN BLG. 24-2023

**RESOLUSYON NG PAGPAPATIBAY NG PAGBIBIGAY PAHINTULOT KAY KGG. REYNALDO A. MARCO-PANGALAWANG PUNONG BAYAN NG BACO, ORIENTAL MINDORO UPANG KUMUHA NG OPISYAL NA KOPYA NG APPROVED PLAN NG CADASTRAL NG BARANGAY MANGANGAN I BACO, ORIENTAL MINDORO.**

***SAPAGKAT,*** sa kasalukuyan ay ang Sitio Aswangan na pinaniniwalaang sakop ng Barangay Mangangan I ang nagsisilbing relokasyon ng mga mamamayan ng Barangay Bayanan na naging biktima ng malawak na pagbaha sanhi ng Bagyong Nona noong taong 2015;

***SAPAGKAT,*** ang iba't-ibang ahensya ng pamahalaan lalong higit ang **Philippine Statistic Authority** (PSA) ay malimit na nagsasagawa ng mga survey o pagkuha ng iba't-ibang mga datus sa mga barangay at mga mamamayan nito kung saan nagiging suliranin ng mga mamamayan ang eksakto o tamang lokasyon/address na kanilang idedeklara sa mga nasabing survey;

***SAPAGKAT*** ,noong Marso 29, 2023 ay nagkaroon ng pagpupulong o public hearing sa Bulwagan ng Sangguniang Bayan ng Baco para sa pagdinig sa mga isyu o usaping may kinalaman sa boundary dispute partikular ang usapin sa pagitan ng Barangay Mangangan I at Barangay Bayanan kung saan minarapata ng magkabilang barangay na kumuha ng opisyal na kopya ng approved plan ng CADASTRAL ng nasasakupan ng Barangay Mangangan I Baco, Oriental Mindoro ;

***SAPAGKAT***; napagkasunduan ng Sangguniang Barangay ng Mangangan I at Barangay Bayanan na ang kukuning kopya ng Cadastral Approved Plan ang siyang kikilalaning opisyal na basehan o pamantayan sa pagtukoy ng tamang pagitan o boundary ng Barangay Mangangan I at Barangay Bayanan;

Sa Mungkahi ni Kagawad Rodel F. Valenzuela na pinangalawahan ni Kagawad Cornelio T. Aceveda, ang resolusyong ito para sa pagpapatibay ng pagbibigay- pahintulot KAY KGG. REYNALDO A. MARCO upang kumuha ng opisyal na kopya ng CADASTRAL APPROVED PLAN ng Barangay Mangangan I at Baco, Oriental Mindoro ay **LUBOS NA PINAGTITIBAY.**

**Pinagtibay :**

- KGG. EFREN A. TORRELIZA, JR. — PUNONG BARANGAY
- KGG. CORNELIO T. ACEVEDA — KAGAWAD
- KGG. REYNULFO A. ADEVA — KAGAWAD
- KGG. NILO L. MANLAPAS — KAGAWAD
- KGG. RODEL F. VALENZUELA — KAGAWAD
- KGG. EDWIN D. VALENZUELA — KAGAWAD
- KGG. ZALDYSON M. ACEVEDA — KAGAWAD
- KGG. EMMA R. VALENZUELA — KAGAWAD
- KGG. MA. ARVEL JOY P. YASA — SK CHAIRPERSON

Pinatutunayan ko ang kawastuan at kaayusan na nasasaad sa resolusyong ito.

**BRENDA T. PASOL**
Kalihim ng Barangay

*Patotoo:*

**EFREN A. TORRELIZA, Jr**
Punong Barangay

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Oriental Mindoro
Bayan ng Baco
**BARANGAY MAYABIG**

*Tanggapan ng Punong Barangay*

April 04, 2023

SA KINAUUKULAN,

Magandang Araw po.

Ako po si TEODULO B. BINAY, Punong Barangay ng Barangay Mayabig, Baco, Oriental Mindoro. Pinahihintulutan ko po ang aming Pangalawang Punong Bayan, Kgg. Reynaldo A. Marco na makuha ang Approval Cadastral Map ng aming barangay Mayabig, Baco, Oriental Mindoro.

Salamat po.

Sumasainyo,

**TEODULO B. BINAY**
*Punong Barangay*

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
Bayan ng Baco

**BARANGAY LANTUYANG**

HALAW SA KATITIKAN NG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BARANGAY NG LANTUYANG, BACO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA – 1 NG ABRIL, 2023 GANAP NA IKA - 1:00 NG HAPON SA SILID PULUNGAN NG BARANGAY NA ITO.

MGA Dumalo:

Kgg. Boy Oscado
Kgg. Buhay Macapinta
Kgg. Loremo Agabayan
Kgg. Nestor Macapinta
Kgg. Danilo Umalmon
Kgg. Rosemarie Maganda
Kgg. Nilo Umalmon
Kgg. Erwin Umalmon

VICE MAYOR'S OFFICE
MUNICIPALITY OF BACO, OR. MINDORO
RECEIVED
BY: Cecilia B. Bolusto
DATE: 04-03-23 TIME: 12:45

**RESOLUSYON BLG. 12 – 2023**

**ISANG RESOLUSYONG NAGSASAAD NG PAGBIBIGAY KAPAHINTULUTAN KAY KGG. REYNALDO A. MARCO PANGALAWANG PUNUMBAYAN NG BACO, ORIENTAL MINDORO NA HUMINGI NG KOPYA NG CADASTRAL PLAN MULA SA TANGGAPAN NG DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES (DENR) PARA SA KAPAKANAN NG MGA MAMAMAYAN NG BARANGAY LANTUYANG, BACO, ORIENTAL MINDORO**

**SAPAGKA'T,** nais matiyak ng mga Kagawad ng Sangguniang Barangay ng Lantuyang na ang mga inprastrukturang gagawin sa barangay ay nakasisigurong itatayo sa lupang nasasakupan ng barangay;

**SAPAGKA'T,** may problema ang barangay tungkol sa hangganan ng kanilang lupang nasasakupan sa tatlong barangay na kabalantay ng barangay tulad ng barangay San Ignacio, Bangkatan at Dulangan II;

**SAPAGKA'T,** ang Kopya ng Cadastral Plan ang kanilang panghahawakan upang kung sakali at may usapin ukol sa lupang ninuno at ito ay magiging basehan nila upang matukoy ang lawak ng lupaing nasasakupan ng kanilang barangay.

**SAPAGKA'T,** ang aming barangay ay walang kakayahang pinansiyal, at wala kaming kakayahang maglakbay patungo sa inyong tanggapan dahil baka kami ay maligaw at wala rin kaming tiyak na matitirahan kung sakali at abutin ng ilang araw.

Kung kaya't sa mungkahi ni Kgg. Luremo Agabayan at pinangalawahan ni Kgg. Buhay Macapinta na sinang-ayunan ng lahat ng miyembrong dumalo ng Sangguniang Barangay ay:

**IPINASIYA TULAD NG DITO AY GINAWANG PAGPAPASIYA NA BINIGYANG KAPANGYARIHAN SI KGG. REYNALDO A. MARCO PANGALAWANG PUMUMBAYAN NA MAKAHINGI NG KOPYA NG CADASTRAL PLAN MULA SA INYONG TANGGAPAN.**

Pinatutuyanan ko ang kawastuhan ng nabanggit na katitikan na pinagpasyahan ng Sangguniang Barangay sa karaniwang pagpupulong na ginanap noong Unang araw ng Abril 2023.

**RUEL UMALMON**
Kalihim ng Barangay

Patotoo:

**CENON PUNGKOK**
Punong Barangay